

MUSIKA Ng SAMBA-

*Inihanda ng
Diocesan Committee on Liturgical Music*

PAMBUNGAD

DIYOS AWITAN

Koro: Diyos awitan nating lahat siya'y parangalan

1. Kilalanin ang Manlilikha
Siya'y ating Ama Tayo'y anak N'ya.
2. Paglingkuran ang Panginoon
Galak ng puso'y ating ihayag.

August 15

REYNA NG LANGIT

(mula sa Magsiawit sa Panginoon songbook p37)

Reyna ng langit, magalak ka, aleluya, aleluya
Reyna ng langit, magalak ka, aleluya, aleluya
Sapagka't si hesukristo an Anak mo, aleluya
Sapagka't si hesukristo an Anak mo, aleluya
Magmul Siyang nabuhay, aleluya, aleluya
Magmul Siyang nabuhay, aleluya, aleluya
Ipanalangin kaming makasalan
Ipanalangin mo, aleluya, aleluya, aleluya.

ALELUYA

MAGSIAWIT TAYO SA DIYOS

Koro:

Magsiawit tayo sa Diyos
Ng papuring kalugod-lugod
Magsiawit tayo sa Diyos
Ng aleluya.

1. Magsaya pagka't nakita
Ang dakilang Poon
Tugtugin mga trumpeta
Pagka't dakila Siya.

PANGINOON AY PURIHIN

(Borres-Que)

(mula sa Himig Heswita 2)

Koro: Panginoon ay purihin ngalan nya ay dakilain
Panginoon ay purihin ngalan nya ay dakilain

1. Panginoon Ikaw ang may likha ng langit
Dagat at lupa, ng buwan araw at mga bituin
Tanang nilalang sa papwirin. (koro)
2. Lalagablab sa silangan pagmamahal Mo sa tanan
Pag-ibig Mo'y walang hanggan
Ito'y mananatili kailanpaman. (koro)

MAGSIAWIT SA PANGINOON *(Isidro-Que)*

(Papuri sa Diyos p. 70)

Koro: Magsiawit kayo sa Panginoon Aleluya
magsiawit sa Panginoon.

1. Purihin, purihin ang kanyang pangalan
ipahayag, ipahayag ang dulot n'yang kaligtasan.
2. Kayong mga angkan maghandog sa Poon
luwalhati at papuri ialay sa Panginoon.

PAG-AALAY

UNANG ALAY (Magnaye)

Koro: Kunin at tanggapin ang alay na ito
mga biyayang nagmula sa pagpapala mo
tanda ng bawat pusong 'pagkat inibig Mo
ngayo'y nananalig, nagmamahal sa yo.

1. Tinapay na nagmula sa butil ng trigo
pagkaing nagbibigay ng buhay mo
at alak na nagmula sa isang tangkay ng ubas
inuming nagbibigay lakas.
2. Lahat ng mga lungkot ligaya't pagsubok
lahat ng lakas at kahinaan ko
laalay kong lahat buong pagkatao
ito ay isusunod sa 'yo.

PAKIKINABANG

SINONG MAKAPAGHIHIWALAY?

Koro: Sino'ng makapaghihiwalay
Sa atin sa pag-ibig ni Kristo?
Sino'ng makapaghihiwalay sa atin
Sa pag-ibig ng Diyos?

Paghihirap ba? kapighatian?
Pag-uusig o gutom o tabak?
At kahit na ang kamatayan
Walang makapaghihiwalay sa atin
Sa pag-ibig ng Diyos. (koro)

Ang Ama kayang mapagtangkilik
O anak na nag-alay ng lahat
Saan man sa langit o lupa
Walang makapaghihiwalay sa atin
Sa pag-ibig ng Diyos. (koro)

Kung ang Diyos ay nasa panig natin
Ano pa nag dapat na ipangamba?

TINAPAY AT ALAK (Samonte)

Ang maihahandog sa 'yo Panginoon
ay tinapay at alak mula sa 'ming kamay
sa 'yong kabutihan aming iaalay
ang tinapay at alak sagisag ng aming buhay.

1. Ang tinapay na ito'y nagmula sa lupa bunga ng paggawa
kunin mo upang maging pagkaing nagdudulot ng buhay.
2. Ang alak na ito'y nagmula sa ubas bunga ng paggawa
kunin mo upang maging inuming nagdudulot ng Espiritu.

ANG MABUHAY SA PAG-IBIG

1. Ang mabuhay sa pag-ibig ay pagbibigay
Na di nagtatanya ng halaga
At hindi naghihintay ng kapalit
Pagbibigay walang pasubali
Naibigay ko nang lahat
Magaan akong tumatakbo
Dukha man ako sa lahat
Dukha man ako sa lahat
Ang tangi kong yaman ay mabuhay sa pag-ibig.

2. Ang mabuhay sa pag-ibig ay paglalayag
Na hantunga'y payapa't may galak
Sa maalab na udyok ng pag-ibig
Hinahanap kita sa'king kapwa
At s'yang tanging tumatanglaw:
Bituin sa aki'y patnubay
Diwa sa paglalakbay, sandigan, lakas at tibay
Laging awit ang sagisag
Ang mabuhay sa pag-ibig.

ONE MORE GIFT

Ref:
If there's one more gift I'd ask of you Lord
It would be peace here on earth
As gentle as the children's laughter
All around, all around.

1. Your people have grown weary
From living in confusion
When will we ever learn
That neither heaven is at peace
When we live not in peace.
2. Grant me serenity within
For the confusions around are mere reflections of
What's within, what's within me.

PANGWAKAS

MAGPASALAMAT KAYO SA PANGINOON

1. Magpasalamat kayo sa Panginoon
Na Syang lumikha ng lahat ng bagay dito sa mundo
Siya'y gumawa ng buwan at mga bitwin
Upang magbigay ng liwanag sa [agsapit ng dilim
//O magpasalamat sa kanyang mga biyaya at awa.//
2. Magpasalamat kayo sa Panginoon
Dahil sa kagandahang loob niyay magpakailanman
At papurihan ang Diyos habang buhay
Na siyang nagligtas sa Kanyang hinirang sa baying Israel
//O ating purihin ang Poon na mahabagin sa atin.//

SINO KAYO?

1. Sino kayong napabilang sa Kanyang kapisanan?
Sino kayong tinawag N'Oyang katoto at kaibigan?
Sino kayong sasagisag sa krus nyang pinapasan?
Makikibaka alang sa dangal at katarungan?

Koro: Kayo'y taong makasalanan, hinubog sa lupa't kahinaan
kayo'y taong makasalanan inampon sa kanyang pangalan.

2. Sino kayong tatanggol sa pananampalataya?
Sino kayong daan ng biyaya at pagpapala?
Sino kayong inanyayahan Niyang makapisan
Pagtubos sa mundong kapalit Kanyang kamatayan?

PAALAM, O BIRHENG MAHAL

Paalam, O Birheng Mahal, Ina ng mananakop ng tanan
Santang katamis-tamisan ng pagsinta naming tunay
Ang tangi mong kagandahan bago man kami panawan
Kami ay muling tulutan mga paa mo ay hagkan
Paalam, paalam, paalam sa iyo
Paalm, Ina, sa 'yo paalam!